
4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 6:
## #LagingHanda



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan– Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 6: #LagingHanda**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Emma Aycardo Jadie
**Editor:** Jerry P. Ramirez
**Tagasuri:** Ana N. Calisura
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Edsel D. Doctama
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad
Francisco B. Bulalacao Jr.
Grace U. Rabelas
Ma. Leilani R. Lorico
Imelda R. Caunca
Marites B.Tongco

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 6:

## #LagingHanda

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan-Ikaapat na Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **#LagingHanda**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan-Ikaapat na Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **# LagingHanda**_!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay magtuturo sayo kung paano maging handa sa lahat ng sakuna o kalamidad na maaring dumating sa ating bansa o sa inyong lugar sa mga hindi inaasahang pagkakataon, pangyayari, at panahon.

**Pamantayang Pangnilalaman**

Naipamamalas ang pang-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal gamit ang mapa.


**Pamantayan sa Pagganap**

Ang mag-aaral ay naipamamalas ang kasanayan sa paggamit ng mapa sa pagtukoy ng iba't ibang lalawigan at rehiyon ng bansa.

**Pamantayan sa Pagkatuto**

Pagkatapos mong basahin ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakapagmumungkahi ng mga paraan upang mabawasan ang epekto ng kalamidad.
2. Nagagawa ang maagap at wastong pagtugon sa mga panganib.
3. Natutukoy ang mga kalamidad na dapat iwasan at paghandaan sa anumang panahon at pagkakataon.





Gaano ka ba kahanda sa lahat ng kalamidad o sakuna na dumarating sa inyong lugar, natural o gawa ng tao?

## *Subukin*

Simulan mo ang modyul na ito sa isang pagsubok kaugnay sa kalamidad na maaaring maranasan sa inyong lugar.

Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.



1. Ano ang tawag sa hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan dulot ng lakas ng hanging dala ng bagyo.
   A. tidal wave B. tsunami C. storm surge D. hurricane

2. Ito ay epekto ng naganap na paglindol. Ito ay ang higit sa normal na lebel ng pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan.
   A. tsunami B. tidal wave C. tsunami D. storm surge

3. Bakit mahalagang malaman ang tsunami alert level at mga babala ng bagyo?
   I. Upang mapaghandaan ang paglikas
   II. Upang makapagplano ng aksiyon na dapat gawin.
   III. Upang maging alerto sa mga posibleng hindi magandang mangyayari
   IV. Upang walang mangyaring masama sa sinuman
   A. I at II lamang C. I at III lamang
   B. I, II, at III lamang D. I, II, III at IV


4. Ang mga lugar na madalas daanan ng bagyo at may posibilidad sa storm surge ay karaniwang mga lugar sa ________.
   A. baybayin B. kagubatan C. kapatagan D. disyerto

5. Ang DRRMC ang ahensiya na nangangasiwa sa mga pagsasanay para sa kaligtasan ng bawat mamamayan. Ano ang DRRMC?
   A. Disaster Risk Reduction and Management Council
   B. Disaster Reduction and Risk Management Council
   C. Disaster Risk and Reduction Maintenance Council
   D. Disaster Risk and Reduction Management Corporation

# Aralin 1 Mga Paraan Upang Maiwasan ang Epekto ng Kalamidad

## *Balikan*

Bago ka magpatuloy, tingnan natin kung naalala mo pa ang mga natutunan mo sa nakaraang aralin. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot sa mga tanong at isulat sa sagutang papel.



| | | |
|---|---|---|
| | populasyon | likas na yaman |
| topograpiya | magagandang tanawin | arkipelago |


1. Ang __________ ayon sa sosyolohiya ay katipunan ng mga tao. Tumutukoy ito sa bilang ng mga tao na naninirahan sa isang tiyak na lugar o rehiyon.
2. Ang __________ay tumutukoy sa paglalarawan ng anyo o hugis ng isang lugar.
3. Ang ___________ay ang mga bagay na nagmumula sa kalikasan tulad ng lupa, kabundukan, kagubatan, mga ilog, at lawa, kasama ang mga depositong mineral na nagbibigay ng mga pangunahing pangangailangan ng tao.
4. Ang ____________at pook-pasyalan ay bahagi ng mga likas na yaman ng bansa.
5. Ang Pilipinas ay isang kapuluan o ___________ na binubuo ng 7 641 malalaki at maliliit na mga pulo.

## *Tuklasin*

**PICK A WORD**

Suriin ang *puzzle* sa ibaba. Piliin ang mga salitang sa palagay mo ay may kaugnayan sa kalamidad. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| L | I | N | D | O | L | Z | W |
| Q | W | R | T | Y | Z | X | V |
| A | S | S | G | G | X | Z | N |
| H | T | S | N | A | M | I | A |
| A | O | G | H | J | K | L | K |
| B | R | N | S | D | B | M | L |
| T | M | S | U | R | G | E | U |
| P | U | T | O | K | N | G | B |



Anong mga salita ang iyong nahanap? Ano kaya ang kinalaman ng mga salitang ito sa modyul na iyong pag-aaralan?

Alam mo na ba kung ano ang ibig sabihin ng kalamidad?

Ano kaya ang mga halimbawa nito?

Paano kaya tayo magiging handa sa mga kalamidad na posibleng dumating sa ating lugar?

Ano ang maaari mong maimungkahi para maiwasan ang hindi mabuting epekto ng mga kalamidad na ito?

Magpatuloy ka sa pagtuklas upang masagot mo ang mga katanungang ito.

## *Suriin*

Ang kalamidad ay tinatawag din na sakuna. Ito ay isang malaking kapinsalaan na dumarating sa mga hindi inaasahang pangyayari o pagkakataon at panahon. Ito ay maaaring gawa ng tao o natural ang dahilan ng pangyayari.

Pag-aralan mo ang mga halimbawa nito.

Ang halos buong bansa ay maaaring makaranas ng *landslide* dulot ng mga paglindol. Upang maiwasan ang sakunang dulot nito, makabubuti na makibahagi sa *earthquake drill* na isinasagawa ng Disaster Risk Reduction and Management Council (DRRMC) sa mga paaralan. Sa ganitong pagkakataon, tandaan ang sumusunod:

**Loob ng paaralan o gusali**

- *Duck, cover, and hold*.
- Manatili rito hanggang matapos ang pagyanig.
- Pagkatapos, lumabas at pumunta sa ligtas na lugar.
- Maging kalmado at huwag mag-panic.

**Labas ng paaralan o gusali**

- Lumayo sa mga puno, linya ng koryente, poste, o iba pang konkretong estruktura.
- Umalis sa mga lugar na mataas na maaaring maapektuhan ng landslide o pagguho ng lupa.

Kung malapit ka sa tabing-dagat, lumikas sa mataas na lugar dahil maaaring magkaroon ng *tsunami*. Ang tsunami ay dulot ng isang lindol,


pagsabog ng bulkan sa ilalim ng tubig, pagguho ng lupa o iba pang kaganapan.

Ito ay ang madalas na pagtaas ng tubig sa normal na lebel. Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng mga lugar na may panganib ng tsunami.

Ang mga lugar na nasa bahaging baybayin o tabing-dagat ay napakamapanganib sa ganitong pagkakataon kaya makabubuti na laging makinig, manood, o magbasa ng balita. Alamin ang *Tsunami Alert Level*.

| Tsunami Alert | Banta sa Pilipinas | Rekomendang Gawain |
|---|---|---|
| **0** | May naganap na malakas na paglindol (1) walang tsunami (2) may tsunami ngunit hindi makaaabot sa Pilipinas | Hindi kailangang lumikas |
| **1-Maghanda (*Ready*)** | Malaki ang posibilidad ng banta sa Pilipinas | Ang mga komunidad malapit sa tabing-dagat ay kailangang maging alerto sa posibleng paglikas. |
| **2-Magmanman (*Watchl Observe*)** | Maaaring maranasan ang bahagyang unos sa dagat. | Maging alerto sa kakaibang taas ng tubig o alon. Lumayo sa dagat. |
| **3-UMALIS (*Go*)** | Mapaminsala ang namumuong tsunami na makaaapekto sa bansa. | Kinakailangan ang madaliang paglikas. |

Ang *storm surge* ay ang hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan dulot ng lakas ng hanging dala ng bagyo.



**Mga Babala ng Bagyo**

Makibalita at maging alerto sa pagbabago ng posisyon, direksiyon, at bilis na pagkilos ng bagyo.

Ang bilis ng hangin ay hindi lalampas sa 60 kph at inaasahan sa loob ng 36 na oras.

Tiyakin ang seguridad at kaligtasan ng inyong tahanan sakaling lumakas ang bagyo.

**Signal No. 1**

Ipinagbabawal na ang paglalayag ng mga sasakyang pandagat at panghimpapawid.

Ang bilis ng hangin ay hindi lalampas sa 61-120 kph at inaasahan sa loob ng 24 na oras.

Manatili sa loob ng bahay.

**Signal No. 2**

Ang mga nasa mabababang lugar ay kailangang lumikas sa matataas na lugar.

Ang bilis ng hangin ay hindi lalampas sa 121-170 kph at inaasahan sa loob ng 18 na oras.

Lumayo sa tabing dagat at mga lugar na malapit sa ilog.

**Signal No. 3**

Manatili sa ligtas na lugar o sa *evacuation centers*.

Ang bilis ng hangin ay hindi lalampas sa 171 - 220 kph at inaasahan sa loob ng 12 na oras.

Lahat ng mga outdoor na gawain at mga paglalakbay ay dapat kanselahin.


**Signal No. 4**

Posible ang pagpasok ng isang tropical cyclones sa bansa

Ang bilis ng hangin ay humigit sa 220 kph at inaasahan sa loob ng 12 na oras.


Magkakaroon ng malawakang kapisansalaan sa lugar

**Signal No. 5**




Ang Hazard Map ay nagpapakita ng mga lugar na panganib sab aha , bagyo at storm surge. Kung papansinin ang mga lugar na panganib sa bagyo, ito ay mga lugar na nasa baybayin sa iba't ibang bahagi ng bansa, samantalang ang mga lugar na panganib sa pagbaha ay karaniwang matatagpuan sa gitna ng kapuluan, ito ay ang mababababang lugar.Ayon sa PAGASA, ang ahensiya na nangangasiwa sa mga paparatingaa ana bagyo at ibang kondisyon o kalagayan ng panahon, humigit kumulang sa 20 bagyo ang dumaraan sa bansa bawat taon.

Ngayon ay natapos mo nang pag-aralan ang mga impormasyon at larawan sa unang bahagi ng modyul na ito. Panahon na para subukin ang iyong naunawaan. Sagutin ang mga sumusunod na gawain.



## *Pagyamanin*

**Gawain A (KONSEP2KOY)**

Tukuyin at isulat sa sagutang papel ang hinihingi sa bawat bilang.

1. Ang halos buong bansa ay maaaring makaranas ng landslide dulot ng mga paglindol. Upang maiwasan ang sakunang dulot nito, makabubuti na makibahagi sa pagsasanay na isinasagawa ng DRRMC. Ano ito?

2. Ang bulkan ay maganda ngunit may dala ring panganib sa mga taong nakatira malapit dito. Kailangang ikaw ay alerto sa mga pagkilos ng bulkan upang maging handa sa anumang panganib na hatid nito. Maari kang sumangguni sa isang ahensiya ng gobyerno na namamahala sa kalagayan ng mga aktibong bulkan. Anong ahensiya ng pamahalaan ang namamahala sa mga pagkilos ng mga bulkan?

3. Iba-iba ang lakas na dala ng mga bagyong dumaraan sa Pilipinas. Tukuyin ang babala ng bagyo kung saan ang bilis ng hangin ay mahigit sa 171-220 kph at inaasahan sa loob ng 12 oras.

4. Ang Pilipinas ay madalas daanan ng bagyo. Subalit hindi lahat ng bahagi ng Pilipinas ay bagyohin. May mga madalas daanan, mayroon ding bihira. Tukuyin kung anong mga bahagi ng bansa ang laging may panganib sa mga bagyo?

5. Ang mamamayan ay dapat may kahandaan sa anumang kalamidad na posibleng dumating sa kanilang buhay. Ang bagyo ay isang mapanganib na kalamidad na halos makasira ng mga ari-arian pati buhay ng bawat isa. Ang PAGASA ay may malaking gampanin upang magpaabot ng mga ganitong kahandaan. Tukuyin ang kahulugan ng akronim na PAGASA.

**Gawain B**

Tukuyin ang nararapat gawin sa sumusunod na sitwasyon sa iyong lugar. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Sitwasyon | Nararapat Gawin |
|---|---|
| Babala ng bagyo bilang 3 | |
| Tsunami alert level 1 | |
| Lumilindol sa paaralan | |
| Sobrang lakas ng ulan na maaaring magdulot ng pagbaha | |
| May banta ng storm surge | |

A. Ang mga nasa mabababang lugar ay kailangang lumikas sa matataas na lugar.
B. Ang mga komunidad malapit sa tabing-dagat ay kailangang maging alerto sa posibleng paglikas.
C. Duck, cover, and hold.
D. Manatiling ligtas sa loob ng bahay o evacuation centers
E. Tumutok sa radyo at telebisyon upang alamin ang mga babala ng bagyo.

**Gawain C**

Piliin titik na katapat ng bawat larawan na nagpapakita ng tamang paghahanda sa darating na bagyo, tsunami, at lindol. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Source: Araling Panlipunan 4 Learner's Material, p. 102

A



Source: Araling Panlipunan 4 Learner's Material, p. 102

B



C

Source: Araling Panlipunan 4
Learner's Material, p. 102




D

Source: Araling Panlipunan 4
Learner's Material, p. 102




E

Source: Araling Panlipunan 4
Learner's Material, p. 298

## *Isaisip*

A. Ayusin ang mga jumbled letters sa bawat bilang upang mabuo ang mga konseptong iyong napag-aralan. Sikaping lagi itong pakatandaan at isaisip. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



1. Mahalaga ang pagsasagawa ng ***(HTRAE UKEQA LLRDI)*** ______________ sa mga paaralan at iba pang ahensiya o institusyon. Ang *hazard map* ay mapang nagpapakita ng mga lugar na panganib sa mga kalamidad.

2. Ang ***(MROTS EUGRS)*** _______________ay hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan dulot ng lakas ng hanging dala ng bagyo.

3. Ang ***(NMSTUAI)*** _________________ ay dulot ng malakas na paglindol. Ito ay ang higit sa normal na lebel ng pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan.

4. Mahalagang malaman ang ***(NMSTUAI  LTRAE VLLEE***) ________________at mga babala ng bagyo upang mapaghandaan ang paglikas o ano mang aksiyon na dapat gawin.

5. Ang mga lugar na madalas daanan ng bagyo at may posibilidad sa storm surge ay kaniwang mga lugar sa ***(YYAABBIN)*** _____________.



B. Kopyahin ang mga parirala sa iyong sagutang papel. Lagyan ng bilang 1-4 ang bawat tatsulok na katapat ng mga parirala upang mabuo ang konsepto.

| ang maaaring maimungkahi | ang epekto ng kalamidad. |
| △ | △ |
| Maraming paraan | upang mabawasan |
| △ | △ |


## *Isagawa*

Suriin ang sitwasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Isang suliranin sa inyong lalawigan ang madalas na kalamidad. Ikaw ay alkalde ng inyong bayan at bilang pinuno, gagawa ka ng mga hakbang o proyekto upang maiwasan ang hindi magandang epekto nito at matiyak ang kaligtasan ng iyong mga kababayan. Sa paggawa nito, isaalang-alang ang kakayahan ng iyong bayan na matustusan ang proyektong ito. Pumili ng isang kalamidad na gagawan mo ng hakbang o proyekto.

A. Bagyo, baha, at storm surge
B. Lindol, landslide, at tsunami


Gamitin ang format sa ibaba para sa iyong pagsagot.



Ang Novel Corona Virus (NCOV) na ngayon ay mas kilala sa tawag na COVID 19 ay hindi kalamidad gaya ng mga napag-aralan mo sa modyul na ito. Subalit isa sa kaparehong dulot ng pandemyang ito ay ang pagkamatay din ng mga nadadapuan ng virus na kaparehong dulot ng mga natural na kalamidad.


Hindi nagawang maiwasan ng gobyerno ang mabilisang pagkalat ng sakit, kaya pinag-utos ng pamahalaan ang pagpapatupad ng community lockdown at home quarantine ng sa gayon ay maiwasan ang mas malalang epekto nito.

A. Sa ibaba ay may **HOUSE CHART**. Piliin ang mga health standards o health protocols para hindi kayo mahawa ng napapanahong sakit kapag nasa loob at labas ng inyong bahay. Isulat ang titik ng sagot sa iyong sagutang papel.




A. Magsuot ng face mask
B. Palagiang paghuhugas ng kamay
C. Dumalo sa mga salo-salo gaya ng pistahan
D. Gumamit ng alcohol o sanitizer palagi
E. Huwag sumunod sa social distancing

Kung ikaw ay maglalakbay sa pamamagitan ng transportasyong pandagat, ano-ano ang dapat mong tandaan para maging handa at makaiwas ka sa sakit na COVID 19? Piliin ang sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.




A. Magsuot ng face mask
B. Makipagkamay sa mga kakilala sa barko
C. Tumabi sa kaibigang matagal mong hindi nakita
D. Gumamit ng alcohol o sanitizer palagi
E. Sumunod sa social distancing
F. Magmano sa Ninang na makakasalubong mo

## Tayahin

A. Hanapin sa loob ng kahon ang mga sagot na tutugon sa patlang ng bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| A. tsunami | D. earthquake drill |
| B. storm surge | E. lindol |
| C. hazard map | |

1. Ang duck, cover, and hold ay mga bagay na dapat tandaan upang maiwasan ang mas masamang epekto ng ______________.
2. Ang DRRMC ay nagsasagawa ng _____________na nagsasanay sa mga mamamayan bilang pagtugon sa pagiging handa ng mga tao sa posibleng paglindol.
3. Maraming mapa ang maari mong maging sanggunian. Ang ______________ay mapang nagpapakita ng mga lugar na panganib sa mga kalamidad.
4. Lubhang mapanganib ang bagyo dahil hindi lang malalakas na hangin ang dala nito. Ang ______________ay hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan dulot ng lakas ng hanging dala ng bagyo.
5. Ang lindol ay hindi natutukoy kung kailan darating. Ito ang kusang nararanasan na lang sa isang lugar. Ang ______________ay dulot ng malakas na paglindol. Ito ay ang higit sa normal na lebel ng pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan.

B. Iguhit ang  kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng katotohanan at iguhit naman ang  kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Si Ana ay nakikinig ng radyo upang malaman ang tsunami alert level at mga babala ng bagyo. Lagi niya itong ginagawa upang mapaghandaan ang paglikas o ano mang aksiyon na dapat gawin.


2. Nakatira sina Mang Mario sa lugar na madalas daanan ng bagyo at may posibilidad sa storm surge. Lumipat sila ng tirahan dahil nalaman niya ang karaniwang panganib sa mga lugar sa baybayin.

3. Ang pagiging bahagi ng Pilipinas sa *Pacific Ring of Fire* ay may malaking implikasyon sa mga tao o lugar na ito, likas na yaman, at teritoryo.


4. Mahalaga ang pagsasagawa ng earthquake drill sa mga paaralan at iba pang ahensiya o institusyon.

5. Mahalagang malaman ang tsunami alert level at mga babala ng bagyo upang mapaghandaan ang paglikas o ano mang aksiyon na dapat gawin.

## ***Karagdagang Gawain***



Sumulat ng mga dapat mong gawing sa mga sumusunod na panganib upang mabawasan ang posibleng mas malalang epekto nito.





Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.

Kumusta ang iyong nakuhang iskor?



| ISKOR | INTERPRETASYON |
|---|---|
| 9-10 | Napakagaling ( handang-handa ka na sa susunod na modyul) |
| 7-8 | Magaling (magpatuloy ka na sa susunod na modyul) |
| 1-6 | Pagbutihan mo pa (ulitin ang mga gawaing nahirapan ka) |

# Susi sa Pagwawasto

| **SUBUKIN:** | **BALIKAN:** | **TUKLASIN** | **PAYAMANIN GAWAIN B** |
|---|---|---|---|
| 1. B<br>2. A<br>3. D<br>4. A<br>5. A | 1. Populasyon<br>2. Topograpiya<br>3. Likas na yaman<br>4. Magandang tanawin<br>5. Archipelago | 1. Lindol<br>2. Baha<br>3. Putok ng Bulkan<br>4. Tsunami<br>5. Storm Surge<br>(answers maybe in any order) | 1.Earthquake Drill<br>2. PHIVOLCS<br>3. SIGNAL NO. 4<br>4. BAYBAYIN/coastal<br>5. Philippine Atmospheric,Geophysical, and Astronomical Services Administration |

***PAYAMANIN* GAWAIN B**

| Sitwasyon | Nararapat Gawin |
|---|---|
| Babala ng bagyo bilang 3 | Ang mga nasa mabababang lugar ay kailangang lumikas sa matataas na lugar. |
| Tsunami alert level 1 | Ang mga komunidad malapit sa tabing dagat ay kailangang maging alerto sa posibilidad ng paglikas. |
| Lumilindol sa paaralan | *Duck, cover,* at *hold* |
| Sobrang lakas ng ulan na maaaring magdulot ng pagbaha | Manatiling ligtas sa loob ng bahay o evacuation centers |
| May banta ng storm surge | Tumutok sa radyo at telebisyon upang alamin ang mga babala ng bagyo |

**GAWAIN C:**
1. √
2. √
3. X
4. √
5. X

| ***ISAISIP: A*** | ***ISAISIP: B*** | ***TAYAHIN:*** |
|---|---|---|
| 1. earthquake drill<br>2. storm surge<br>3. tsunami<br>4. tsunami alert level<br>5. baybayin | ang maaaring maimungkahi<br>2<br>ang epekto ng kalamidad.<br>4<br>Maraming paraan<br>1<br>upang mabawasan<br>3 | A. 1. E<br>2. D<br>3. C<br>4. B<br>5. A<br>B.<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |

## *Sanggunian*

Araling Panlipunan 4 Learner's Material, pp. 95–107
Araling Panlipunan 4 Teachers Guide pp. 41-44

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph